

# NEHEMIAS

**Paano tinawag si Nehemias**

1 • 1 Ito ang mga salita ni Nehemias
na anak ni Hekalias. Sa buwan ng
Kisleu, sa ikadalawampung taon ni Ha-
ring Artaherhes, nasa kuta ako ng Susan
2 nang dumating mula sa Juda si Hanani,
ang isa sa aking kapatid na lalaki, kasama
ang ilang kalalakihan.
Inusisa ko sila tungkol sa Jerusalem at
sa mga nalabing Judio na nagbalik mula
sa pagkatapon.
3 Sinagot nila ako: "Nasa gitna ng
matinding pagdarahop at kahihiyan ang
mga nalabing Judio na nagbalik sa pro-
binsya mula sa pagkatapon. Nasira ang
pader ng Jerusalem at sinunog ang mga
pinto niyon."
4 Nang marinig ko ang mga salitang
iyon, naupo ako at umiyak. Nagdalamhati
ako nang ilang araw, ngunit nag-ayuno at
nanalangin sa harapan ng Diyos ng langit.
5 At sinabi ko: "O Yawe, Diyos ng langit,
nakakatakot ka at dakila. Matapat ka sa
iyong tipan at kabutihang-loob sa mga
nagmamahal sa iyo at tumatalima sa
iyong mga kautusan. 6 Makinig nawa ang
iyong mga tainga at mabuksan ang mga
mata upang mapakinggan ang panala-
ngin ng iyong alipin!
Narito ako ngayon sa iyong harapan
araw at gabi, dahil sa iyong mga lingkod,
ang mga anak ng Israel. Ikinukumpisal ko
sa iyo ang mga kasalanan ng Israel. Nag-
kasala nga kami laban sa iyo. Ako man at
ang sambahayan ng aking ama ay nag-
kasala rin. 7 Nagtaksil kami sa iyo at hindi
tumupad sa iyong mga kautusan, batas at
tagubilin na itinakda mo sa iyong lingkod
na si Moises.
8 Ngunit alalahanin mo ang sinabi mo
kay Moises: 'Kapag gagawa kayo ng
masama, ikakalat ko kayo sa iba-ibang
bansa. 9 Ngunit kapag bumalik kayo sa
akin upang tuparin at isagawa ang aking
mga utos, titipunin ko kayo. Kahit nasa
dulo kayo ng daigdig, pababalikin kayo sa
lupain na pinili ko upang inyong tirahan.'
10 Mga lingkod at bayan mo sila, na
iniligtas ng iyong dakilang kapangyarihan
at malakas na kamay. 11 Dinggin mo ang
aking dalangin at ang dalangin ng iyong
mga lingkod na hangad na igalang ang

---

• **1.1** Nasa palasyo ni Haring Artaherhes si Nehemias bilang tagapamahala sa mga inumin, isang mataas na posisyon nang panahong iyon na laging natatakot ang mga hari na malason.

May maganda ngang kinabukasan ang taong ito pero iiwan pa rin niya ang lahat para sa paglilingkod sa Diyos.

Ang bokasyon ni Nehemias ay nagmumula:

– sa kanyang malaking pananalig sa mga pangako ng Diyos;

– sa pagkaunawa sa kasaysayan na tanging ang sumasampalataya lamang ang makauunawa: Walang sinumang dapat sisihin ang Israel para sa kanilang mahirap na sitwasyon. Mga kasalanan nila ang sanhi ng kanilang kapahamakan. Kaya hindi nila dapat iasa sa kagandahang-loob ng mga bansang mas malalakas ang muling pagtatayo sa kanilang bansa, kundi sa kanilang pagbabagong buhay at pagbabalik-loob.

Si Nehemias ang halimbawa ng lahat ng nakakakilala sa boses ng Panginoon sa mga pangyayaring nagaganap at hindi na naghihintay pa ng isang espesyal na tawag para kumilos. Walang alinlangan na kung may tiwala siya sa Diyos, tinatawag din ang bawat Kristiyano na madiskubre at magawa ang inaasahan sa kanya ng Diyos para sa kaligtasan ng mundo, tulad ni Nehemias.

iyong Pangalan. Papagtagumpayin mo
ako ngayon upang tanggapin ako ng
hari."
Ako noon ang namamahala sa inumin
ng hari.

### Iniwan ni Nehemias ang lahat upang magtungo sa Jerusalem

**2** • [1]Sa buwan ng Nisan, sa ika-
dalawampung taon ni Haring Arta-
herhes, tinupad ko ang aking tungkulin at
ibinigay ang alak sa hari. Hindi pa ako
naging malungkot na tulad niyon sa hara-
pan ng hari. [2]Sa gayon sinabi sa akin ng
hari: "Bakit ka nalulungkot? Hindi ka
naman mukhang may sakit. May buma-
bagabag ba sa iyo?"
Labis akong naligalig. [3]At sinabi ko:
"Mabuhay sana magpakailanman ang
hari! Paano akong hindi malulungkot sa-
mantalang naguguho ang lunsod na kina-
lilibingan ng aking mga ninuno at sunog
ang mga pinto?" [4]Sinabi sa akin ng hari:
"Kung gayon, ano ang gusto mo?" Humi-
ngi ako ng tulong sa langit [5]at sinabi ko sa
hari: "Kung mamabutihin ng hari at kung
nasisiyahan siya sa kanyang lingkod, ipa-
dala mo nga ako sa lupain ng Juda, sa
lunsod na kinalilibingan ng aking mga
ninuno, upang itayo kong muli iyon."
[6]Nakaupo ang reyna sa tabi ng hari, at
tinanong ako ng hari: "Gaano katagal
kang mawawala? Kailan ka babalik?"
Sinabi ko sa kanya ang petsa at pina-
hintulutan niya akong umalis. [7]At sinabi
ko sa hari: "Kung mamabutihin ng hari,
bigyan sana ako ng mga sulat para sa
mga gobernador ng probinsiya sa kabi-
lang ibayo ng Ilog upang makapaglakbay
ako sa Judea. [8]Bigyan ako ng isa pang
sulat para kay Asaf, ang engkargado ng
kagubatan ng hari, upang tanggapin ang
kahoy ukol sa mga pinto ng kuta na ma-
lapit sa templo, gayon din sa mga pader
ng lunsod at sa bahay na titirahan ko."
Sumaakin ang mabuting kamay ng
aking Diyos, kayat ipinagkaloob sa akin
ng hari ang lahat. [9]Dumating ako sa mga
gobernador sa kabilang ibayo ng Ilog, at
ibinigay ko sa kanila ang mga liham ng
hari. Iniutos na ng hari na samahan ako
ng mga opisyal at ng mangangabayo.
[10]Ngunit sa Jerusalem, nalaman nina
Sanbalat na Horonita at Tobias na Ammo-
nita ang aking pagdating, at hindi naka-
siya sa kanila na may dumating na tutu-
long sa mga Israelita.
[11]Dumating ako sa Jerusalem at na-
natili roon ng tatlong araw. [12]Pagkatapos,
bumangon ako nang hatinggabi, kasama
ang ilang tao, nang wala akong pinag-
sasabihang sinuman kung ano ang balak
ipagawa sa akin ng aking Diyos sa Jeru-
salem.
Kasama ang tanging kabayo na sinak-
yan ko, [13]lumakad ako sa kalaliman ng
gabi patungo sa Pintuan ng Basura, at
siniyasat ko ang nasirang pader ng Jeru-
salem at ang sinunog na mga pintuan.
[14]Nagtuloy ako sa Pintuan ng Bukal at
sa Imbakan ng Tubig ng Hari, ngunit
walang maraanan ang aking kabayo.
[15]Kayat umakyat ako, sa dilim ng gabi, sa
gilid ng bangin upang siyasatin ko ang
pader at nagbalik pagkatapos, sa pag-
daraan sa Pintuan ng Lambak, at umuwi
na.
[16]Hindi alam ng mga tagapayo kung
saan ako nanggaling at kung ano ang
aking ginawa. Wala pa akong napagsa-
sabihang Judiong opisyal o pari o mata-
tanda o tagapamahala.

---

• **2.1** Humihingi si Nehemias, at siya'y tumatanggap sapagkat hindi siya nambubuwisit, at nagkapangalan siya at napamahal sa mga tao bunga ng maraming taon ng matapat na paglilingkod. Nangingibabaw ang mahusay niyang pagpapasya at pangunguna, at ang maalab niyang pananalita na nagpapalakas ng loob sa mga nagdududa na nakukumbinsi niya. Kailangan bang itayo ang mga pader ng Jerusalem? Sa katunaya'y mas binibigyang-pansin ng Biblia kung paano ito naitayo kaysa mismong pagtatayo nito: sa panawagan ni Nehemias para sa pagtutulung-tulong ng lahat, naitayo niya ang espiritu ng pamayanan sa Jerusalem.

[17] Noon ko sinabi sa kanila: "Nakita na
ninyo ang abang kalagayan natin dahil sa
nawasak ang Jerusalem at sunog ang
mga pintuan. Halikayo, itayo nating muli
ang mga pader ng Jerusalem. Huwag na
tayong maging kahiya-hiya." [18] At nag-
ulat ako sa kanila na sumasaakin ang
mabuting kamay ng Diyos at kung ano
ang sinabi sa akin ng hari. Sinabi nila:
"Humayo at magtayo!" At tinatagan ang
sarili para sa mabuting layuning iyon.

[19] Nabalitaan ito nina Sanbalat na
Horonita, Tobias na Amonita at Gesem na
Arabe, at pinagtawanan kami at sinabi:
"Ano ang ginagawa ninyo? Naghihi-
magsik kayo laban sa hari!" [20] Sumagot
ako sa kanila: "Papagtatagumpayin kami
ng Diyos ng langit samantalang guma-
gawa at nagtatayo kaming kanyang mga
lingkod. At kayo ay walang karapatan o
mana o kinalaman sa Jerusalem."

**Sinimulan nilang itayo ang pader**

**3** [1] Ang punong-paring si Eliasib at ang
kanyang mga kapatid na pari ang
nagpasimulang magtayo sa Pintuan ng
mga Tupa. Itinayo nila iyon, nilagyan ng
mga pinto at nagpatuloy hanggang sa
Tore ni Hananel. [2] Gumawa sa kanilang
panig ang mga taga-Jerico, at kasunod
nila si Zakur, na anak ni Imri. [3] Itinayo ang
Pintuan ng Isda ng mga taga-Senaa. Ni-
lagyan nila ito ng hamba, pinto, kandado
at harang.

[4] Kasunod nila si Meremot, na anak ni
Urias, na anak naman ni Hakkos; at ka-
sunod nila si Mesullam, na anak ni Be-
rekias, na anak naman ni Mesezabel; at
kasunod nilang gumawa si Zadoc, na
anak ni Baana. [5] Kasunod nilang gumawa
ang mga taga-Tekoa, ngunit hindi buma-
likat ang mga maharlika sa kanila sa
paglilingkod sa kanilang Panginoon.

[6] Isinaayos ang Matandang Pintuan ni
Yoiada, na anak ni Pasea, at ni Mesullam,
na anak ni Besodias. Sila ang nagtayo ng
pinto at naglagay ng kandado at harang.

[7] Sumunod sa kanila si Melatias ng Gibeon at
si Yadan ng Meronot, kasama ang mga taga-
Gabaon at Mizpa, sa tabi ng bahay ng goberna-
dor ng probinsiya. [8] Kasunod nilang gumawa si
Uziel, na isang platero. Kasunod si Hananias,
manlilikha ng pabango: tinibayan nila ang Jeru-
salem hanggang sa Malapad na Pader. [9] Kasu-
nod nilang gumawa si Repaias, na anak ni Hur,
ang tagapamahala ng kalahati sa purok ng
Jerusalem. [10] Kasunod nila si Jedaias, na anak
ni Harumap, sa tapat ng sarili niyang bahay; at
sumunod sa kanyang gumawa si Hatus, na anak
ni Hasabnias. [11] Ang sumunod na bahagi hang-
gang sa Tore ng mga Hurno ay isinaayos ni
Malkias, na anak ni Harim; at ni Hasub, na anak
ni Pahatmoab. [12] Kasunod nila si Sallum, na
anak ni Halohes, tagapamahala ng kalahati sa
purok ng Jerusalem. Siya at ang kanyang mga
anak na dalaga. [13] Si Hanun, at ang mga taga-
Zanoa, ang nagsaayos ng Pintuan ng Lambak;
naibalik nila iyon sa dati, ginawa ang hamba at
inilagay ang mga pinto, kandado at harang, at
isinaayos din nila ang sanlibu't limandaang ta-
lampakang pader hanggang sa Pintuan ng
Basura. [14] Si Malkias, na anak ni Rekab, taga-
pamahala ng purok ng Bethakerim, ang nagsa-
ayos sa Pintuan ng Basura, kasama ang kan-
yang mga anak: nilagyan nila iyon ng mga pinto,
kandado at harang.

[15] Si Sallum, na anak ni Kol-hoza, taga-
pamahala ng purok ng Mizpa, ang gumawa ng
Pintuan ng Bukal; itinayo niya iyon, nilagyan ng
bubong, nilagyan ng mga pinto, kandado at
harang. Itinayo rin niyang muli ang pader ng
Imbakan ng Tubig, na katabi ng halamanan ng
hari, hanggang sa hagdang patungo sa Kuta ni
David. [16] Kasunod niyang gumawa si Nehemias,
na anak ni Azbuk, tagapamahala ng kalahati sa
purok ng Bet-sur, na ginawa hanggang sa
dakong katapat ng mga libingan ni David,
hanggang sa tangke ng tubig at sa Bahay ng
mga Bayani. [17] Kasunod niya sa paggawa ang
mga Levita: si Rehum, na anak ni Bani, at
kasunod niya si Hasabias, tagapamahala ng
kalahati sa purok ng Keila. [18] Kasunod nila ang
kanilang mga kapatid: sina Binui, na anak ni
Henadad, tagapamahala ng kalahati sa purok
ng Ceila; [19] kasunod niya si Ezer, na anak ni
Jesua, na hari ng Mizpa, sa tapat ng dalisdis
patungo sa taguan ng sandata, sa may panu-
lukan.

[20] Kasunod si Baruk, na anak ni Zabai, na
gumawa mula sa taguan ng sandata hanggang
sa may pintuan ng bahay ni Eliasib, ang
punong-pari. [21] Kasunod niya si Meremot, na
anak ni Urias, na anak naman ni Hakkos, ang

gumawa mula sa pintuan ng bahay ni Eliasib
hanggang sa kabilang dulo. 22 Kasunod niyang
nagsigawa ang mga paring naninirahan doon.
23 Kasunod nilang nagsigawa sina Benjamin at
Hasub, sa katapat ng kanilang sariling bahay.
Kasunod nila si Azarias, na anak ni Maasias, na
gumawa sa katabi ng sariling bahay. 24 Kasunod
niyang gumawa si Binui, na anak ni Henadad,
mula sa bahay ni Azarias hanggang sa panu-
lukan. 25 Kasunod niyang gumawa si Palal, na
anak ni Uzai, sa katapat na panulukan ng tore sa
itaas na nakausli sa palasyo ng hari sa malapit
sa patyo ng bilangguan. Kasunod niya si
Pedaya, na anak ni Paros, na gumawa 26 hang-
gang sa Pintuang Tubig, na pa-silangan sa
katapat ng toreng nakausli. 27 Kasunod niya ay
nagsigawa ang kalalakihan ng Tekoa sa katapat
ng malaking tore hanggang sa pader ng Ofel.

28 Mula sa Pintuan ng mga Kabayo gumawa
ang mga pari, bawat isa katapat ng kanyang
sariling bahay. 29 Kasunod nilang gumawa si
Zadok, na anak ni Imer, sa katapat ng sariling
bahay at si Semaya, na anak ni Sekanias, na
bantay sa Pintuan sa Silangan. 30 Kasunod nila si
Hananias, na anak ni Selemias, at si Hanun na
anak ni Zalaf. At sumunod si Mesulam na anak
ni Berekias na gumawa sa katapat ng tinitirahan
niya. 31 Kasunod niya si Malkias na platero hang-
gang sa tirahan ng mga ibinigay at ng mga
mangangalakal, sa katapat ng Pintuan ng Bantay
hanggang sa silid sa itaas ng Panulukan, 32 gu-
mawa ang mga platero at mangangalakal mula
sa Panulukan hanggang sa Pintuan ng mga Tupa.

**Sinubukang pahinain ang loob ni Nehemias ng kanyang mga kaaway**

• 33 Nagalit si Sanbalat nang maba-
litaan niyang muli naming itinatayo ang
pader. Tinuya niya ang mga Judio 34 at
sinabi niya sa harapan ng kanyang mga
kapatid at ng mga pinuno ng Samaria:
"Ano ang magagawa ng mga kahabag-
habag na Judio? Tatapusin ba nila ang
pagsasaayos at ang pagdiriwang sa iisang
araw? Magbibigay-buhay ba sila sa mga
sunog na bato mula sa mga guho?"

35 At nagsabi si Tobias na Amonita na
katabi niya: "Magtayo man sila, mawa-
wasak din ang batong-pader nila ng kahit
anumang asong-gubat."

36 Pakinggan ninyo kami, O Diyos,
sapagkat hinahamak kami! Bumagsak
nawa sa kanilang mga ulo ang kanilang
paghamak; dustain sila sa lupaing pag-
tatapunan sa kanila! 37 Huwag mong pata-
warin ang kanilang pang-aalipusta; o hu-
wag pawiin ang kasalanan nila sa iyong
harapan, sapagkat inalipusta nila ang
mga gumawa.

38 Buong-pusong nagsigawa ang bayan
at natapos namin ang kalahati sa taas ng
pader.

**4** 1 Nabalitaan nina Sanbalat at Tobias,
ng mga Arabe, mga Amonita at mga
mamamayan ng Asdod na nagpapatuloy
ang pagsasaayos sa mga pader ng Jeru-
salem at natatakpan na namin ang mga
butas. 2 Labis silang nagalit, at nagkaisa
silang lahat na salakayin ang Jerusalem
at hamakin ako.

3 Kayat nanalangin kami sa aming
Diyos, at nagpadala kami ng tanod araw
at gabi. 4 Sinabi ng mga taga-Juda:
"Nanghihina na ang may dala, at marami
pang guho ang naiiwan; hindi kami ma-
kapagtatayong muli ng pader." 5 At sinabi
ng aming kaaway: "Wala silang maririnig
ni makikita hanggang masalakay namin
sila at kami'y nasa piling na nila. Papa-
tayin namin sila at patitigilin ang trabaho."
6 Sampung ulit na sinabi sa amin ng mga
Judiong kasama nilang namumuhay:
"Sasalakayin nila kami mula sa lahat ng
lugar na tinitirhan nila."

7 Kaya nagtalaga ako ng mga tao sa

---

• **3.**33 Pagkatapos ay nagbunga naman ng inggit at paghihinala ang trabaho ni Nehemias. Hindi ito dapat ipagtaka. Sapat na ang katatagan ng isang taong ito para bigyang-sigla ang lahat. Sa sandaling iyon mismo, ang pagtatayo sa pader ng Jerusalem ang kongkretong tungkulin para magpatuloy sa pagsulong ang Banal na Kasaysayan. Kung nasiraan ng loob ang sambayanang Judio at ipinagpaliban ang pagtatayo, tiyak na mawawala sa kanila ang mga paraan tungo sa kanilang kalayaan at ang kahulugan ng kanilang misyon. Gayundin naman sa kasalukuyan, bagamat mas lumilitaw na espirituwal ang misyon ng Iglesya, ang katapatan natin sa Panginoon ay nakasalalay pa rin sa ating saloobin sa harap ng mga pagyurak at pagtataksil sa katotohanan sa kongkretong mga bagay-bagay sa buhay ng lipunan.

likod ng pader, sa pinakamababang
bahagi. Naroon ang bawat sambahayan,
dala ang kanilang mga espada, sibat at
palaso. [8]Natatakot sila, ngunit tumindig
ako at sinabi ko sa mga maharlika, sa
mga tagapayo at sa iba pang mga tao:
"Alalahanin ninyo ang Panginoon, na da-
kila at makapangyarihan, at ipaglaban
ninyo ang inyong mga kapatid, mga anak,
mga maybahay at mga tahanan."
[9]Nang malaman ng aming mga ka-
away na napatalastasan na kami, nasira
ng Diyos ang kanilang balak, kaya nag-
balik kami sa pader, ang bawat isa sa
kanyang ginagawa.
[10]Ngunit mula sa araw na iyon, kalahati
lamang sa aking mga tauhan ang guma-
gawa, samantalang nagtatanod ang kala-
hati, dala ang kanilang palaso, kalasag at
sandata, sa likuran ng lahat ng sambaha-
yan ng Juda [11]na nagtatayo sa pader.
Dinarampot ng mga maydala ang kani-
lang dala-dalahan sa isang kamay, at ang
kabila'y may hawak na sandata. [12]May
nakasukbit na espada sa baywang ng ba-
wat isa samantalang gumagawa.
Nasa tabi ko ang tagaihip ng trumpeta.
[13]Sinabi ko sa mga maharlika, mga taga-
payo at sa iba pang mga tao: "Napaka-
lawak ng gawain at nakakalat tayo sa
kahabaan ng muog, at magkakalayo,
[14]kayat kapag narinig ninyo ang tunog ng
trumpeta, lumapit agad kayo sa amin
upang tumulong at ipaglalaban tayo ng
ating Diyos."
[15]Gumawa kami mula sa pamimitak ng
araw hanggang sa pagkislap ng mga
bituin, at kalahati sa amin ang may san-
data sa kamay. [16]Sinabi ko rin sa bayan:
"Magpapalipas ng gabi ang bawat isa sa
Jerusalem, kasama ang kanyang mga
katulong. Sa gayon, makapagbabantay
tayo sa gabi at makagagawa sa araw."
[17]Gayunman, ang aking mga kapatid,
ang aking mga tauhan at ang mga tanod
na sumusunod sa akin, at pati ako, ay
hindi naghuhubad kapag natutulog, kundi
nasasandatahan ang bawat isa.

**Kailangang makibahagi ang mayaman sa sakripisyo ng karaniwang tao**

**5** • [1]Nagharap noon ng mga malub-
hang reklamo ang mga karaniwang
tao at ang kanilang mga maybahay laban
sa kanilang kapwa Judio.
[2]May nagsabi: "Malaki ang aming sam-
bahayan at kailangan namin ang trigo na
makakain upang mabuhay." [3]Sinabi ng
iba: "Kailangan naming isangla ang
aming mga bukirin, ubasan at bahay ka-
palit ng butil dahil sa taggutom na ito."
[4]Sinabi pa ng iba: "Nakapangutang na
kami ng salapi para sa buwis sa hari. [5]Iisa
ang aming lahi, tulad sa aming mga ka-
patid; tulad ng kanilang mga anak ang
aming mga anak. Ngunit kailangan na-
ming ipaalipin ang aming mga anak at
pinagsamantalahan na ang ilan sa aming
mga dalaga. At wala kaming ibang ka-
lutasan, sapagkat napapunta na sa iba
ang aming mga bukirin at ubasan."
[6]Pinasiklab ang aking galit ng mga
sumbong at paratang. [7]Kaya nagpasiya
akong pagsabihan ang mga maharlika at
mga tagapayo, [8]sa pagsasabing: "Bakit
wala kayong habag sa inyong mga ka-
patid?" At tumawag ako ng kapulungan at
sinabi ko sa kanila: "Tinubos natin ng

---

• **5.**1 *Kalahi tayo ng ating mga kapatid.* Paulit-ulit na sinasabi ng mga pinuno na nangangailangan ng sakripisyo ang muling pagtatayo sa bayan. Pero hinihingi ng bayang Judio na ang mga sakripisyo ay talagang pagbaha-bahaginan ng lahat. Kailangang kanselahin ng mga may sapat na pera sa kasalukuyang pangangailangan ang mga utang ng mga walang kahit ano.

*At kayo pa ngayon ang bibili sa inyong mga kapatid?* Ipinagtatanggol ni Nehemias ang pinakaaba, at tinutuligsa ang kasalanang nagagawa ng mga mayayaman nang hindi nila namamalayan; nadadala sila ng katwiran ng pagkakaroon at ng pagpapautang hanggang ipailalim nila sa pagkaalipin ang kanilang mga kapatid.

*Gusto ba ninyong gayahin ang mga kaugalian ng ating mga kaaway?* Tama lamang na maghangad ng kalayaan mula sa mapagsamantalang kapitalismo at di-makataong pamahalaan. At sa wakas, ang diwang mapagsamantala sa bawat isa sa atin ang kahulihulihang bubunutin.

salapi ang ating kapwa Judiong mga
alipin, ayon sa ating kakayahan. Ngunit
ngayo'y kayo ang nagbibili sa inyong
kapatid?"

Nanatili silang tahimik. Hindi sila ma-
kasagot. 9 At nagpatuloy ako: "Hindi ma-
buti ang inyong ginagawa. Hindi ba kayo
sumusunod sa ating Diyos, at baka kut-
yain tayo ng ating mga kaaway? 10 Ang
aking mga kapatid at lingkod, at maging
ako, ay nagpahiram ng salapi at trigo.
Ngunit kalimutan na natin ang lahat ng
utang nila sa atin, 11 at ibalik agad ninyo
sa kanila ang kanilang mga bukirin, uba-
san, taniman ng mga olibo, at kalimutan
ang kanilang mga utang na salapi, trigo,
alak at langis." 12 Sinagot nila ako: "Ibaba-
lik namin ang mga ito at hindi kami hihi-
ngi ng anuman sa kanila. Gagawin namin
ang iyong sinabi."

Sa gayon tinawag ko ang mga pari, at
sa harapan ng mga ito, pinasumpa ko sila
na tutuparin nila ang kanilang pangako.
13 Pagkatapos, ipinagpag ko ang aking
balabal at sinabi ko: "Palayasin nawa ng
Diyos sa sariling bahay at mana ang sinu-
mang hindi tutupad sa pangako, at ipag-
pag nang ganito at maiwan nang walang
anuman." Sumagot ang buong kapulu-
ngan: "Amen," at nagpuri kay Yawe. At
tinupad ng mga mamamayan ang kani-
lang pangako.

14 Itinalaga ako ni Haring Artaherhes na
gobernador ng lupain ng Judea sa ika-
dalawampung taon ng kanyang pag-
hahari. Hanggang sa ikatatlumpu't dala-
wang taon, o sa loob ng labindalawang
taon, ako at ang aking sambahayan ay
hindi humingi ng buwis sa gobernador.
15 Ngunit pinatawan naman ng mga na-
unang gobernador ang bayan ng apat-
napung pirasong pilak araw-araw. Pina-
tawan din ng kanilang mga lingkod ang
bayan. Ngunit hindi ko sila tinularan dahil
sa aking paggalang sa Diyos.

16 Tumulong din ako sa paggawa ng
pader at hindi ako nakabili ng mga bu-
kirin; at nagtrabaho rin doon ang aking
mga tauhan. 17 Sandaa't limampung lalaki
ang nakaupo sa aking hapag, mga Judio
at tagapayo, pati ang mga dumating mula
sa mga karatig-bansa. 18 Araw-araw ini-
hahanda ang isang toro, anim na piniling
tupa at mga manok, at tuwing sampung
araw dinadala ang maraming sisidlang
alak. Binayaran ko ang lahat ng ito, ngunit
kailanman hindi ako sumingil sa bayan
sapagkat mabigat na sa kanila ang
trabahong iyon.

19 Alalahanin mo ako, O Diyos, at ang
lahat ng nagawa ko para sa bayang ito!

### Higit pang hadlang sa pagtatayo

# 6

• 1 Nabalitaan nina Sanbalat at To-
bias, at ni Gesem na Arabe, at ng iba
pa sa aming mga kaaway na naitayo kong
muli ang pader ng Jerusalem at wala nang
naiwang butas dito – bagamat hindi pa
nailalagay ang mga pinto. 2 Ipinasabi sa
akin nina Sanbalat at Gesem: "Halika rito
at mag-usap tayo sa Kepirim, sa kapatagan
ng Ono." Nagbabalak silang saktan ako.

3 Kaya nagpadala ako ng mga sugo sa
kanila na nagsabi: "Napakahalaga ng
aking ginagawa, at hindi ako makalulu-
song sa lugar ninyo. Matitigil ang gawain
kung iiwan ko." 4 Apat na ulit nila akong
inanyayahan, ngunit gayon din ang aking
tugon.

5 Noon ako inanyayahan ni Sanbalat sa
ikalimang pagkakataon. Nagdala ang
kanyang sugo ng isang bukas na liham na

---

• **6.1** Ginagamit ni Sanbalat ang lahat ng paraan para papanghinain ang loob ni Nehemias:
- 3:33 – panunuya at pag-insulto,
- 4:2 – pagbabanta ng pagsalakay,
- 6:2 – paninindak,
- 6:6 – mga akusasyon,
- 6:14 – pagsusuhol sa mga bulaang propeta.

Hindi mawawalan ng mga taong kakasangkapan sa salita ng Diyos para suportahan ang mga gobyerno o para linlangin ang mga tao.

Bigyang-pansin ang ekspresyon sa 6:13, *para takutin ako at dalhin sa pagkakasala.* Napakalimit, ang takot ay isang madulas na daan na naghahatid sa pagkakasala.

nagsasaad: 6 “Nabalitaan ng mga di-Judio
– at si Gesem ang nagsasabi – na ikaw at
ang mga Judio ay nagbabalak maghi-
magsik, kayat itinatayo mong muli ang
pader. At sinasabi rin nila na magiging
hari ka nila; 7 at ito ang dahilan kung bakit
itinalaga mo na ang mga propeta na mag-
pahayag na may hari ang Jerusalem. Ma-
lalaman ito ng hari, kayat pumarito ka na
upang makapag-usap tayong dalawa.”
8 Ngunit ipinasabi ko sa kanya: “Wa-
lang katotohanan ang sinabi mo; ikaw ang
kumatha.” 9 Sapagkat gusto nilang lahat
na takutin kami, sinabi pa nila: “Pahinain
natin ang kanilang loob upang hindi nila
matapos ang gawain.” Ngunit pinag-
ibayo ko ang aking lakas.
10 Pinuntahan ko si Semaya, na anak ni
Delaya, na anak naman ni Nehetabel,
sapagkat hindi siya makalalabas. Sinabi
niya sa akin: “Magkita tayong dalawa sa
Bahay ng Diyos, sa loob ng santuwaryo,
at ipinid natin ang mga pinto niyon sa-
pagkat darating sila upang patayin ka, at
gagawin nila iyon sa gabi ring ito.”
11 Ngunit sinagot ko siya: “Kailangan
bang tumakas ang isang lalaking tulad
ko? Makapagtatago ba ako sa santu-
waryo upang iligtas ang buhay ko? Hindi
ako pupunta.” 12 Naintidihan kong hindi
naman isinugo ng Diyos si Semaya upang
bilinan ako, ngunit sina Tobias at Sanbalat
ang mga nagsuhol sa kanya upang taku-
tin ako. Kung magtatago ako sa santu-
waryo, magkakasala ako, at madurungi-
san nito ang aking karangalan at ma-
hihiya ako.
14 O, aking Diyos, alalahanin mo si
Tobias, dahil sa kanyang ginawa; ga-
yundin ang propetisang si Noadis at ang
iba pang propeta na nagtangkang takutin
ako.
15 Natapos ang pader sa ikadalawam-
pu't limang araw ng Elul, sa loob ng
limampu't dalawang araw. 16 Nang ma-
laman iyon ng aming mga kaaway at ng
mga karatig-bansa, natakot sila at pi-
nanghinaan ng loob. Kinilala nila na gawa
ito ng Diyos.
17 Maraming kilalang Judio ang sumu-
lat noon kay Tobias at sinagot niya sila.
18 Marami ngang kamag-anak si Tobias sa
Juda sapagkat manugang siya ni Seka-
nias, na anak ni Ara, at pinakasalan ng
kanyang anak na lalaking si Yehohanan
ang anak na babae ni Mesullam, na anak
ni Berekias. 19 Pinupuri pa nila sa aking
harapan si Tobias, at ibinabalita nila rito
ang lahat ng sinasabi ko at siya – si Tobias
– ang nagpadala ng mga liham sa akin
upang takutin ako.

7 1 Nang naitayo na ang moog at na-
ilagay ang mga pinto, inatasan ang
mga bantay-pinto na magtanod. 2 Noon
ko ginawang gobernador ng Jerusalem
ang aking kapatid na si Hanani, at si Ha-
nanias, ang puno ng kuta, sapagkat tapat
siya at may pitagan sa Diyos higit kaysa
maraming iba pa. 3 At sinabi ko sa kanila:
“Huwag bubuksan ang pintuan ng Jerusa-
lem hanggang hindi pa mataas ang araw,
isasara at tatarangkahan din ang mga ito
kung narito pa ang mga bantay at mataas
pa ang araw.

At sa gabi, magbabantay din ang mga
naninirahan sa Jerusalem, ang ilan ay sa
muog at ang iba ay sa harapan ng kani-
lang bahay.”

**Ang bagong populayon ng Jerusalem**

4 Malawak at maluwag sa magkabila ang
lunsod, ngunit kakaunting tao lamang ang nasa
loob at hindi pa naitatayo ang maraming bahay.
5 Inantig ng Diyos ang aking isipan upang tipu-
nin ang mga pinuno, ang mga tagapayo at ang
mga karaniwang tao upang gumawa ng tala.
Natagpuan ko ang talaan ng senso ng mga
nagbalik mula sa pagkatapon, at ito ang nasu-
sulat doon:
6 Ito ang mga tagaprobinsya ng Judea na
nagbalik mula sa pagkatapon na nabihag ni
Nabukodonosor, na hari ng Babilonia. Ito ang
mga nagbalik sa Jerusalem at Judea, sa kani-
kanilang bayan.
7 Ito ang mga Israelita na dumating na kasa-
ma nina Zorobabel, Josua, Nehemias, Azarias,

Raamias, Nahamani, Mordekai, Bilsan, Misperet, Bigvai, Nehum, Baana; narito ang kanilang bilang –

8 Ang angkan ni Paros, 2,172; 9 ang angkan ni Sefatias, 372; 10 ang angkan ni Ara, 652; 11 ang angkan ni Pahat-moab, mula sa mga lipi nina Josua at Yoab, 2,818; 12 ang angkan ni Elam, 1,254; 13 ang angkan ni Zatu, 845; 14 ang angkan ni Zakai, 760; 15 ang angkan ni Binui, 648; 16 ang angkan ni Bebai, 628; 17 ang angkan ni Asgad, 2,322; 18 ang angkan ni Adoniham, 667; 19 ang angkan ni Bigwai, 2,067; 20 ang angkan ni Adin, 655; 21 ang angkan ni Ater, mula sa lipi ni Hesekias, 98; 22 ang angkan ni Hasum, 328; 23 ang angkan ni Besai, 324; 24 ang angkan ni Harif, 112; 25 ang angkan ni Gibeon, 95.

26 Ang mga taga-Betlehem at Netopa, 188; 27 ang mga taga-Anatot, 128; 28 ang mga taga-Bet-azmavet, 42; 29 ang mga taga-Kiryat-jearim, Kapira at Beerot, 743; 30 ang mga taga-Rama at Geba, 621; 31 ang mga taga-Mikmas, 122; 32 ang mga taga-Betel at Hai, 123; 33 ang mga taga-Nebo, 52.

34 Ang mga taga-Elam, 1,254; 35 ang mga taga-Harim, 320; 36 ang mga taga-Jerico, 345; 37 ang mga taga-Lod, Hadid at Ono, 721; 38 ang mga taga-Senaa, 3,930.

39 Ang mga pari: sa angkan ni Yedaya, mula sa lipi ni Jesua, 973; 40 sa angkan ni Imer, 1,052; 41 sa angkan ni Pasur, 1,247; 42 sa angkan ni Harim, 1,017.

43 Ang mga Levita: sa angkan nina Jesua at Kadmiel, mula sa lipi ni Hodeva, 74.

44 Ang mga mang-aawit: sa angkan ni Asaf, 148. 45 Ang mga bantay-pinto: sa angkan nina Sallum, Ater, Talmon, Akub, Hatita at Sobai, 138.

46 Ang mga naibigay: sa angkan nina Ziha, Hasufa, Tabaot; 47 nina Keros, Sia, Padon, 48 Lebana, Hagaba, Salmai, 49 Hanan, Gidel, Gahar, 50 Reaia, Resin, Nekoda, 51 Gasam, Uza, Paseah, 52 Besai, Meunam, Nefisessim, 53 Bakbuk, Hakuka, Harhur, 54 Bazlit, Mehida, Harsa, 55 Barkos, Sisera, Tema, 56 Nezia at Hatifa.

57 Ang mga inapo ng mga utusan ni Solomon: ang angkan nina Setai, Soferet, Perida, 58 Yaala, Darkon, Gidel, 59 Sefatias, Hatil, Pequeret-hazebaim at Amon. 60 Lahat ng ibinigay at ang mga inapo ng mga utusan ni Solomon, 392.

61 Ito naman ang mga nagbalik mula sa Tel-mela, Tel-harsa, Kerub, Adon at Imer; ngunit hindi nila mapatunayan ang sambahayan at angkan ng kanilang mga ninuno, o kung sila ay taga-Israel nga: 62 ang angkan nina Delaya, Tobias at Nekoda, 642. 63 At ang angkan nina Hobaya, Hakos at Barsilai, na nakapag-asawa sa anak na babae ni Barzilai na taga-Galaad at isinunod na rito ang kanyang pangalan. 64 Pinalayas sa pagkapari ang mga hindi natagpuan ang mga talaan ng kanilang mga ninuno. 65 At iniutos sa kanila ng gobernador na huwag silang kumain ng mga banal na pagkain hanggang may sumipot na paring sasangguni sa Urim at Tumim.

66 Ang buong kapulungan ay 42,360, 67 bukod pa ang kanilang mga utusang lalaki at babae na 7,337; at may kasama silang 245 na lalaki at babaing mang-aawit.

Mayroon din silang 736 na kabayo, 245 mola; 68 435 kamelyo; 6,720 asno. 69 Nagkaloob sa gawain ang ilang puno ng angkan. Nagbigay ang gobernador sa kabang-yaman ng 1,000 drakmang ginto, 50 palanggana, 530 kasuotan ng pari.

70 Nagbigay naman sa pondo sa gawain ang mga puno ng sambahayan ng 20,000 drakmang ginto at 2,200 minang pilak.

71 Nagkaloob ang mga karaniwang tao ng 20,000 drakmang ginto at 2,000 minang pilak at 67 kasuotan ng pari.

72 Nanirahan sa Jerusalem ang mga pari, ang mga Levita, at ang isang bahagi ng bayan; at sa mga lunsod naman ang mga bantay-pinto, ang mga mang-aawit at ang mga naibigay sa templo. Nasa kani-kanilang mga lunsod din ang mga Israelita.

**Binasa ni Esdras ang batas**

**8** • 1 Nang sumapit ang ikapitong buwan, nagtipun-tipong tila iisang tao ang lahat ng bayan sa liwasan, sa

---

• **8.**1 Pinakatampok sa napakahalagang petsang ito ng Banal na kasaysayan ang unang pampublikong pagbasang ito sa Batas. Hanggang sa panahong iyon, isinasabuhay ng bayang Israel ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagdarasal, pakikilahok sa mga seremonya sa Templo. Mula sa bibig ng mga pari at mga propeta nila tinatanggap ang mga pagpapasya at pangangaral. Wala silang nadamang pangangailangan na magbasa ng Biblia.

May ilang libro na noon ng ating Biblia, pero nakatabi ang mga ito sa Templo o sa palasyo ng hari: hindi nakararating ang mga ito sa bayan ni hindi ang mga ito ang saligan ng kanilang pananampalataya. Subalit ngayon, mga bagong pa-ngangailangan ang lumilitaw at wala na ang mga propeta, na di gaya ng dati. Naiintindihan ni Esdras na sa darating na panahon, ang pamayanang Judio ay uunlad at mabubuo sa pagbasa, pagninilay at interpretasyon sa sagradong libro. Si Esdras mismo ang nagsisikap na tumipon at kumumpleto sa mga sagradong libro at nagsisimula

harapan ng Pintuan ng Tubig, at hiningi nila
kay Esdras na dalhin ang Aklat ng Batas ni
Moises, na itinakda ni Yawe sa Israel. 2 Kaya
iniharap ni Esdras ang Batas sa kapulungan
ng mga lalaki at babae at mga bata na
nakauunawa sa binabasa. Noon ang unang
araw ng ikapitong buwan. 3 Binasa ni Esdras
sa kanila ang aklat mula sa maagang oras
ng umaga hanggang tanghali sa liwasang
nakaharap sa Pintuan ng Tubig; at naging
masigasig ang lahat ng bayan sa Aklat ng
Batas.

4 Nakatayo sa isang entabladong kahoy na
ginawa ukol sa pagkakataon si Esdras, ang
tagasulat, at nasa kanan niya sina Matitias,
Sema, Anaya, Urias, Helkias at Maasias; nasa
kaliwa naman niya sina Pekaya, Misael,
Malkias, Hasum, Hasbadana, Zakaria at
Mesullam.

5 Binuklat ni Esdras ang Aklat sa pa-
ningin ng lahat ng tao, sapagkat mataas
ang kanyang kinatatayuan; at nang buk-
latin iyon ay nagsitindig ang lahat. 6 Nag-
puri si Esdras kay Yawe, ang dakilang
Diyos at itinaas ng lahat ang kanilang
mga kamay at sumagot: "Amen! Amen!"
At saka sila yumuko at nagpatirapa sa
lupa.
7 Ipinaliwanag ang Batas sa bayan ng
mga Levitang sina Jesua, Bani at ng iba
pa nilang kapatid; nakatindig ang lahat.
8 Bumasa sila mula sa Aklat ng Batas,
niliwanag at binigyang-kahulugan kung
ano ang kanilang binabasa upang ma-
unawaan ng bawat isa.
9 Sinabi ni Esdras, ang tagasulat ng
Batas, sa lahat ng mga tao: "Ang araw na
ito ay itinalaga kay Yawe, ang inyong
Diyos, kayat huwag kayong malungkot o
umiyak." Sinabi niya ito sapagkat na-
nangis ang lahat nang marinig nila ang
mga salita ng Batas. 10 At idinagdag ni
Esdras: "Humayo kayo at kumain ng ma-
sasarap na pagkain, uminom ng matamis
na alak at isalo ang sinumang walang
naihanda. Banal nga ang araw na ito sa
ating Panginoon. Huwag kayong malung-
kot sapagkat ating lakas ang kagalakan
kay Yawe."
11 Pinayapa rin ng mga Levita ang ba-
yan sa pagsasabi: "Huwag kayong umi-
yak. Araw ng pagsasayá ang araw na ito.
Huwag kayong malungkot." 12 Sa gayon
nagsilakad na ang mga tao upang ku-
main, uminom at isalo ang iba, at nag-
karoon sila ng malaking handaan, sapag-
kat naunawaan na nila ang mga katagang
ipinahayag sa kanila.

13 Kinabukasan, magkakasamang nagtungo
ang mga ama ng pamilya ng lahat ng bayan, ang
mga pari at ang mga Levita kay Esdras, ang
tagasulat, upang makinig sa Batas. 14 At natag-
puang nasusulat sa Batas na iniutos ni Yawe na
manirahan ang mga Israelita sa mga kubol sa
panahon ng kapistahan ng ikapitong buwan.
15 Pagkatalastas nila inihayag sa lahat ng lunsod
at sa Jerusalem: "Magtungo kayo sa kabun-
dukan at kumuha ng mga sanga ng olibo,
aguho, mirto, palma o anumang madahong
punungkahoy upang makapagtayo ng kubol
ayon sa ipinag-uutos."
16 Kaya lumabas ang bayan at kumuha ng
mga sanga at nagsipagtayo ng kubol para sa
kanilang sarili sa bubungan ng kanilang mga
bahay, o sa kanilang bakuran o sa mga patyo sa
Bahay ni Yawe, o sa liwasan sa Pintuan ng Tubig
o sa liwasan sa Pintuan ng Efraim.
17 Nagtayo ng kubol ang buong kapulungang
nagsibalik mula sa pagkatapon at doon sila

---

naman ang bagong panahon na ang Biblia ang magiging libro ng lahat at ang batayan ng kanilang pananampalataya.

Ang pangrelihiyon at pangkulturang hakbang na ito ay katulad din ng nangyayari sa Iglesya nitong mga huling taong nagdaan. Nagsisimba ang mga tao, nagdarasal at tinuturuan; pero banyaga para sa kanila ang Biblia. Pero ngayon, lalakas lamang ang pananampalatayang Kristiyano mula sa Salita ng Diyos na binabasa at pinakikinggan sa isang pamayanan. Sa totoo'y huli pa nga tayo: sa simula ng nakaraang apat na siglo, nang magsimula ang mga Protestante, sinimulan na sana ang pagpapanibagong ito.

Ang pagtitipong tinawag ni Esdras ang magsisilbing modelo ng buhay-relihiyoso sa pamayanang Judio. Hindi aalisin ang maringal na pagsamba sa Templo sa Jerusalem, pero mula sa araw na iyon, magkakaroon ng sinagoga ang mga Judio sa bawat siyudad, o isang bahay na mapagtitipunan nila sa Araw ng Pahinga para marinig ang salita ng Diyos at umawit ng mga salmo.

nanirahan, isang bagay na hindi nagawa ng mga
Israelita mula sa kapanahunan ni Josue, na
anak ni Nun. At nagkaroon ng dakilang pag-
diriwang.
18 Araw-araw binasa ang Aklat ng Batas,
mula sa unang araw hanggang sa huling araw ng
kapistahan. Tumagal nang pitong araw ang
pagpipista at sa ikawalong araw may mahala-
gang pagtitipun-tipon, ayon sa kautusan.

**Inamin ng mga Israelita ang kanilang mga kasalanan**

9 • 1 Nagtipun-tipon ang mga Israelita sa
ikadalawampu't apat na araw ng buwan
ding iyon upang mag-ayuno. Nagsuot sila ng
sako at nagbudbod ng abo sa kanilang ulo.
2 Humiwalay ang lahi ng Israel sa lahat ng ban-
yaga; tumindig sila at inamin ang kanilang mga
kasalanan at ang kasalanan ng kanilang mga
ninuno.
3 Nanatili silang nakatayo sa kanilang kinaro-
roonan nang tatlong oras at nagbasa mula sa
Aklat ng Batas ni Yaweng kanilang Diyos.
Tatlong oras din nilang inamin ang kanilang
mga kasalanan at nagpatirapa kay Yaweng
kanilang Diyos.
4 Nakatindig sa entablado ng mga Levita sina
Jesua, Bani, Kadmiel, Sebanias, Buni, Serebias,
Bani at Kenani, at malakas na tumawag kay
Yaweng kanilang Diyos. 5 At sinabi ng mga
Levitang sina Jesua, Bani, Kadmiel, Hasabnias,
Serebias, Hodias, Sebanias at Petalias: "Tumin-
dig tayo at magpuri kay Yawe, ang inyong
Diyos, magpakailanman: Purihin ang iyong ma-
luwalhating Pangalan na hindi mahihigitan ng
anumang pagpapala at papuri."

**Panalangin ni Esdras**

6 Sinabi ni Esdras: "Ikaw lamang, Yawe,
ikaw lamang ang lumikha sa langit, sa
langit ng mga langit, sa lahat ng bituin, sa
lupa at lahat ng naroon, sa dagat at lahat
ng naroon. Ikaw ang nagbigay ng buhay
sa lahat, at sumasamba sa iyo ang lahat
ng nasa langit.
7 Ikaw, Yawe, ang Diyos na humirang
kay Abram; Ikaw ang nagpalabas sa
kanya sa Ur ng Babilonia, at ibinigay sa
kanya ang pangalang Abraham.
8 Natagpuan mong tapat ang kanyang
puso at gumawa ka ng Tipan sa kanya
upang ibigay sa kanyang mga inapo ang
lupain ng mga Kananeo, Heteo, Amorreo,
Perezeo, Yebuseo at Gergeseo. At tinupad
mo ang iyong salita, sapagkat ikaw ay
makatarungan.
9 Nakita mo ang paghihirap ng aming
mga ninuno sa Ehipto at dininig mo ang
kanilang panawagan sa Dagat na Pula.
10 Gumawa ka ng mga babala at kaba-
balaghan laban sa Paraon, sa kanyang
mga pinuno at sa bayan ng kanyang lu-
pain, sapagkat batid mong naging ma-
rahas sila sa amin, at tanyag ka pa rin
hanggang sa panahong ito.
11 Hinati mo ang dagat sa harapan ng
aming mga ninuno, pinatawid mo sila sa
dagat nang hindi nabasa ang kanilang
mga paa, at nilunod mo sa kalaliman ang
mga humabol sa kanila, tulad ng bato sa
malakas na agos.
12 Pinatnubayan mo sila sa pamama-
gitan ng haliging ulap kung araw, at ng
haliging apoy kung gabi upang tanglawan
ang landas na dapat nilang tahakin.
13 Bumaba ka sa Bundok Sinai at
nakipag-usap sa kanila mula sa langit;
pinagkalooban mo sila ng makataru-

---

• **9.**1 Kailangang iugnay natin ang seremonyang ito ng penitensya sa mga kabanata 9-10 ng Esdras. Tungkol ito sa paghingi ng kapatawaran sa mga kasalanan na naglalayo sa mga tao mula sa Batas ng Diyos at pumipinsala sa lahi ng Israel. Iginigiit dito lalung-lalo na ang kasalanang nasa pag-aasawa sa babaeng galing sa ibang lahi at ibang relihiyon: alam ng Biblia na ang pag-aasawa sa hindi kapanampalataya ay madalas na nauuwi sa paglayo sa sariling pamayanang panrelihiyon. Ganito ang naging kasalanan ni Solomon.

Matapos aminin sa harap ng lahat ang mga pagkakasala ng pamayanan, inaalaala nila ang awa ng Diyos: walang saysay ang malaman ang mga kasalanan, kung hindi naman mapupukaw ang damdamin ng taos-pusong pagsisisi sa pag-alaalang laging nagpapatawad ang Diyos sa kanyang kagandahang-loob. Kasunod naman nito ang buod ng banal na kasaysayan na nagpapakita sa awa ng Diyos sa kanyang bayan.

Sa pagtatapos ng seremonya, maraming pangako ang ginagawa: kailangan ang mga ito bilang tulong sa mga kaloobang di gaanong matatag at bilang panlaban sa pagiging pabaya. Pero hindi ito tungkol lamang sa paggawa ng mga reglamento; ang panganib ay nasa higit na pagpapahalaga sa panlabas na pagtupad kaysa diwa mismo ng Batas na ang layuni'y makabuo ng isang bayang laging handang maglingkod sa Diyos.

ngang tuntunin, mapagkakatiwalaang
batas, pinakamabubuting alituntunin at
utos.
14 Tinuruan mo silang tupdin ang banal
na Araw ng Pamamahinga; pinagkaloo-
ban mo sila ng mga atas, alituntunin at
ang Batas, sa pamamagitan ni Moises,
ang iyong lingkod.
15 Pinadalhan mo sila ng tinapay mula
sa langit nang magutom sila; pinabulwak
mo ang tubig mula sa bato nang mauhaw
sila, at inatasan mo silang pasukin at ang-
kinin ang lupaing ipinangako mong ibi-
bigay sa kanila.
16 Ngunit naging mapagmalaki at ma-
tigas ang ulo ng aming mga ninuno at
hindi nila pinakinggan ang iyong mga
utos.
17 Hindi nila pinakinggan o ginunita ang
mga himalang ginawa mo para sa kanila.
Pinatigas nila ang kanilang mga puso at
ginusto nilang magbalik sa pagkaalipin sa
Ehipto. Ngunit ikaw ang Diyos na mapag-
patawad, maawain at mapagbigay, hindi
madaling magalit at mayaman sa kagan-
dahang-loob, kayat hindi mo sila pina-
bayaan,
18 maging nang gumawa sila ng binu-
bong guya, at sinabi: 'Ito ang iyong diyos,
Israel, na naglabas sa iyo sa Ehipto.' At
hinamak at nilapastangan kanila.
19 Hindi mo sila tinalikuran sa disyerto,
sa gitna ng iyong kabutihan; hindi mo
inalis ang haliging ulap kung araw o ang
haliging apoy kung gabi, upang tangla-
wan ang landas na dapat nilang tahakin.
20 Binigyan mo sila ng iyong mabuting
espiritu upang maturuan sila; binigyan mo
sila ng manna upang may makain, at
tubig upang mapawi ang kanilang uhaw.
21 Apatnapung taon mo silang inala-
gaan sa disyerto at hindi sila kinapos sa
anuman; hindi nasira ang kanilang kasu-
otan o namaga ang kanilang mga paa.
22 Binigyan mo sila ng mga kaharian at
bansa; inilaan mo sa kanila ang karatig na
lupain. Kinuha nila ang lupain ni Sehon,
hari ng Hesbon, at ang lupain ni Og, na
hari ng Basan.
23 Pinarami mo ang kanilang lahi, tulad
sa mga bituin, at dinala mo sila sa lupaing
ipinangako mo sa kanilang mga ninuno.
24 Pinasok at sinakop ng kanilang mga
inapo ang lupain, at nilupig ang mga na-
ninirahan sa Kanaan na pinasuko mo sa
kanila, kasama ang mga hari at mga labi
ng lupain, at pinabayaang gawin nila sa
mga iyon ang nais nila.
25 Pinasuko nila ang mga napapade-
rang lunsod at ang lupaing mataba, sina-
kop ang mga bahay na puno ng yaman,
mga balong bagong-hukay, mga ubasan
at taniman ng olibo at mga punungkahoy
na hitik sa lahat ng klase ng bunga. Ku-
main sila, nasiyahan at nagsitaba at na-
muhay silang maginhawa dahil sa iyong
kagandahang loob.
26 Ngunit naging matigas ang kanilang
ulo at naghimagsik sila laban sa iyo.
Tinalikuran nila ang iyong Batas, pinatay
ang mga propeta na isinugo mo upang
himukin silang magbalik-loob sa iyo, at
labis silang nagkasala laban sa iyo.
27 Ipinaubaya mo sila sa kanilang mga
kaaway at nilupig sila. Nanawagan sila sa
iyo sa gitna ng kanilang paghihirap, at
pinakinggan mo sila mula sa langit, at
dahil sa iyong matinding habag, nagsugo
ka ng mga tagapaglitas upang palayain
sila sa mga nagpapahirap sa kanila.
28 Ngunit nang natatahimik na sila, nag-
kasala silang muli laban sa iyo, at inihulog
mo sila sa mga kamay ng kanilang mga
kaaway na nagpahirap sa kanila. Minsan
pa silang tumawag sa iyo at pinakinggan
mo sila mula sa langit, at dahil sa iyong
kabutihan, paulit-ulit mo silang iniligtas.
29 Pinagsabihan mo silang magbalik sa
iyong Batas, ngunit labis ang kanilang
kapalaluan, at hindi sila nakinig sa iyong
mga utos at alituntunin. Hindi nila ginawa
kung ano ang nararapat na gawin ng tao
upang mabuhay. Tumalikod sila sa iyo at

hindi ka nila pinakinggan dahil sa katigasan ng kanilang ulo.

[30] Maraming taon mo silang pinagtiyagaan. Pinagsabihan sila ng iyong espiritu sa pamamagitan ng iyong mga propeta; ngunit hindi sila nakinig.

At saka ipinagkaloob mo sila sa kapangyarihan ng ibang bansa. [31] Ngunit dahil sa iyong kabutihan, hindi mo rin pinahintulutang malipol sila; hindi mo sila pinabayaan, sapagkat ikaw ay Diyos ng kabutihan at awa.

[32] At ngayon, aming Diyos na dakila, makapangyarihan at nakatatakot naming Diyos na tapat sa iyong tipan at pag-ibig, isaalang-alang mo ang paghihirap na lumukob sa amin, sa aming mga hari at pinuno, mga pari at propeta, sa aming mga ninuno at sa buong bayan mo sapul pa sa kapanahunan ng mga hari ng Asiria hanggang sa mga araw na ito.

[33] Naging makatarungan ka sa lahat ng sumapit sa amin, sapagkat gumawa ka nang buong-tapat, ngunit nagkasala kami.

[34] Hindi isinagawa ang iyong Batas ng aming mga hari at pinuno, ng aming mga pari at mga ninuno; hindi nila pinakinggan ang iyong mga utos at ang mga pahayag na ginawa mo sa kanila.

[35] Nang nasa kanilang kaharian sila na taglay ang kasaganaang nagmula sa iyo sa mataba at malawak na lupaing inihanda mo para sa kanila, hindi sila naglingkod sa iyo o nagsisi sa kanilang mga kasalanan.

[36] At ngayon, mga alipin kami, mga alipin sa lupaing ibinigay mo sa aming mga ninuno para tamasahin ang mga bunga at yaman nito.

[37] Ang mga masaganang bunga ng lupain ay nauuwi sa mga haring pinalupig mo sa amin dahil sa aming mga pagkakasala. Ginagawa nila sa amin at sa aming mga hayop ang anumang maibigan nila, at dahil dito'y nabubuhay kami sa gitna ng matinding paghihirap."

**Mga pangako ng pamayanan**

**10** • [1] Dahil dito, gumawa kami ng isang nasusulat na pangako na tinatakan ng aming mga pinuno, mga Levita at mga pari.

[2] Lumagda si Nehemias, anak ni.Hekalias
na anak ni Sedekias; [3] sina Seraya, Azarias,
Jeremias, [4] Pasur, Amarias, Malkias, [5] Hatus,
Sebanias, Maluk, [6] Harim, Meremot, Obadias,
[7] Daniel, Gineton, Baruk, [8] Mesullam, Abias,
Miyamin, [9] Maazias, Bilgai, Semaya: ito ang mga
pari.

[10] At ang mga Levita naman: si Yesua, na
anak ni Azenias, si Binui mula sa angkan ni
Henadad, si Kadmiel, [11] at ang kanilang mga
kamag-anak na sina Sebanias, Hodavias, Ke-
lita, Pelaya, Hanan, [12] Mika, Rehob, Hasabias,
[13] Zakur, Serebias, Sebanias, [14] Hodias, Bani at
Kenani.

[15] Ang mga pinuno ng bayan: sina Paros,
Pahatmoab, Elam, Zatu, Bani, [16] Buni, Azgad,
Bebai, [17] Adonias, Bigvai, Adin, [18] Ater, Ezekias,
Azur, [19] Hodias, Asum, Bezai, [20] Harip, Anatot,
Nebai, [21] Magpias, Mesullam, Hesir, [22] Meseza-
bel, Zadok, Yadua, [23] Pelatias, Hanan, Anaias,
[24] Hosea, Hananias, Hasub, [25] Halohes, Pilhas,
Sobek, [26] Rehum, Hasabna, Maasias, [27] Ahias,
Hanan, Anan, [28] Maluk, Harim at Baana.

[29] At ang iba pang mga tao, ang mga pari at
ang mga Levita, ang mga bantay-pinto, mga
mang-aawit, mga ibinigay at lahat ng humi-
walay sa mga lahi ng lupain upang sundin ang
Batas ng Diyos, pati ang kanilang mga asawa at
ang kanilang mga anak na lalaki at babae na
may kakayahan upang maunawaan ito. [30] Su-
masama ang mga ito sa kanilang mga kapatid
na pinuno na nangako nang may sumpa na
mamumuhay ayon sa Batas ng Diyos na iti-
nakda sa pamamagitan ni Moises, ang lingkod
ng Diyos, upang sundin at tuparin ang mga
alintuntunin ni Yaweng aming Diyos, gayundin
ang kanyang mga tuntunin at batas.

[31] Ipinasiya naming huwag ipakasal ang
aming mga anak na dalaga sa kalalakihan ng
lupain, o ang kanilang mga anak na dalaga sa
aming mga anak na lalaki. [32] Hindi kami bibili ng

• **10.**1 Tinipon sa sumusunod na mga kabanata ang iba't ibang dokumento. Mapapansin sa mga ito ang talatang tumutukoy sa unang misyon ni Nehemias: 12:27-43. Binibigyang-kabuuan nito ang mga kabanata 1-7.

anuman sa Araw ng Pamamahinga o sa banal na
kapistahan sa mga tao ng lupain na nagdadala
ng paninda o pagkain na ititinda sa Araw ng
Pamamahinga. Sa ikapitong taon iiwan naming
hindi nabubungkal ang mga bukirin, at ipata-
tawad ang lahat ng utang sa amin.

33 Nangako kaming magbibigay taun-taon
ng isang ikatlong bahagi ng isang siklo para sa
paglilingkod sa Bahay ni Yawe, 34 sa tinapay
para sa walang-katapusang handog, sa handog
sa Araw ng Pamamahinga, sa Bagong Buwan,
sa mga kapistahan at sa iba pang handog, sa
hain para sa kasalanan para patawarin ang
Israel at sa lahat ng pangangailangan sa Bahay
ng Diyos.

35 Nagkaroon ng palabunutan sa mga pari,
Levita at sa lahat ng tao tungkol sa pagdadala
ng kahoy na panggatong. Dadalhin ito sa Bahay
ni Yawe ng bawat sambahayan taun-taon sa
takdang panahon upang sunugin sa altar ni
Yaweng aming Diyos, ayon sa nasusulat sa
Batas.

36 Dadalhin namin taun-taon ang mga unang
ani sa aming bukirin at sa mga punungkahoy sa
Bahay ni Yawe, 37 pati ang aming mga panganay
na lalaki at ang mga panganay ng aming mga
hayop, ayon sa nasusulat sa Batas – ang mga
panganay ng aming mga baka at tupa – ilalaan
namin ang mga ito sa Bahay ni Yawe, sa mga
paring naglilingkod sa Bahay ng aming Diyos.
38 Dadalhin namin sa mga pari sa mga silid sa
Bahay ng aming Diyos ang pinakamahusay sa
aming mga butil, ang bunga ng bawat punung-
kahoy, ang alak at langis; at sa mga Levita
naman ang ikasampu mula sa mga bukirin. Ang
mga Levita na rin ang lilikom ng ikasampung
bahagi mula sa mga bayang sakahan.

39 Ang isang pari, na anak ni Aaron, ang
sasama sa kanila upang likumin ang ikasampu.
At dadalhin ng mga Levita ang ikasampu ng
ikasampu sa mga taguang-silid sa Bahay ng
Diyos na mga kabang-yamang silid. 40 Doon
dadalhin ng mga Israelita at Levita ang mga
utang nilang trigo, alak at langis. Naroon ang
mga kailangan sa Templo, para sa mga nagli-
lingkod na pari, mga bantay-pinto at mga
mang-aawit.

Sa gayon, hindi na namin pababayaan ang
Bahay ng aming Diyos.

11 1 Nanirahan sa Jerusalem ang mga
pinuno ng bayan. Nagpalabunutan ang
iba pang mga tao upang ipadala sa Jerusalem
ang isa sa bawat sampung tao upang manirahan
siya sa Banal na Lunsod, at ang siyam ay
maninirahan sa iba-ibang lunsod. 2 Pinuri ng
bayan ang mga taong kusang-loob na nanira-
han sa Jerusalem.

3 Ito ang mga pinuno na nanirahan sa Jerusa-
lem. Sa mga bayan ng Judea, tumira ang bawat
isa sa sariling ari-arian at bayan: ang mga
Israelita, ang mga pari at ang mga Levita, ang
mga ibinigay at mga anak ng mga utusan ni
Solomon.

4 Ito ang tala ng mga taga-Juda at taga-
Benjamin na nanirahan sa Jerusalem –

Sa mga taga-Juda: si Ataya, na anak ni
Uzias, na apo ni Zakarias; ang kanyang mga
ninuno: sina Amarias, Sefatias, Mehalalel, mula
sa angkan ni Pares; 5 si Maasias, na anak ni
Baruk, na apo ni Kol-hose; ang kanyang mga
ninuno sina Hazaya, Adayab, Yoarib at Zaka-
rias, mula sa angkan ni Sela. 6 Kabuuan ng mga
inapo ni Pares na naninirahan sa Jerusalem: 468
kalalakihang may sapat na gulang.

7 Narito ang mga taga-Benjamin: si Salu, na
anak ni Mesullam, apo ni Yoed; ang kanyang
mga ninuno: sina Pedaya, Kolaya, Maasias, Itiel
at Yesaias, 8 at ang kanyang mga kamag-anak
na may sapat na gulang: 928. 9 Si Yoel, na anak
ni Zicri, ang kanilang pinuno; at pangalawang-
pinuno ng lunsod si Juda, na anak ni Hasenua.

10 Sa mga pari: si Yedaya, na anak ni Yoakim,
na anak ni Seraya; ang kanyang mga ninuno:
Helkias, 11 Mesullam, Zadok, Meraiot, Ahitub,
ang punong-pari, 12 at ang kanyang mga ka-
mag-anak na naglilingkod sa Templo: 822. Si
Adaya, na anak ni Yeroham; ang kanyang mga
ninuno: Pelalias, Amzi, Zakarias, Pasur at
Malkias, 13 at ang kanyang mga kamag-anak, na
mga puno ng sambahayan: 242; at si Amzi, na
anak ni Azarel; ang kanyang mga ninuno: Azai,
Mesilemot, Imer; 14 at ang kanyang mga kamag-
anak na may sapat na gulang: 128. Si Zabdiel,
na anak ni Hagadol, ang namamahala sa kanila.

15 Sa mga Levita: si Semaya, na anak ni
Hasub; ang kanyang mga ninuno: Azrikam,
Hasabias at Buni; 16 Sabetai at Yozabad, ang
mga pinunong nananagot sa gawain sa labas ng
Bahay ng Diyos; 17 si Matanias, na anak ni Mika
at apo ni Zabdi, na anak naman ni Asaf, na
nanguna sa mga himno, at sa pananalangin; si
Bakbukias, ang pangalawang-pinuno; si
Obadias, na anak ni Samua, na apo ni Kalai, na
anak naman ni Yedutum. 18 Kabuuan ng mga
Levita sa banal na lunsod: 284.

19 Ang mga bantay-pinto: sina Akub at Tal-
mon at ang kanilang mga kamag-anak na nag-
tatanod sa mga pintuan: 172.

20 At nakakalat sa lahat ng bayan ng Juda ang
iba pang mga Israelita, mga pari at Levita, sa

kani-kanilang lupang minana, 25 sa nayong nasa kabukiran nila.

21 Naninirahan sa Ofel ang mga ibinigay; namamahala sa kanila sina Ziha at Gizpa. 22 Ang puno ng mga Levita sa Jerusalem ay si Uzi, na anak ni Bani; ang kanyang mga ninuno: Hasabias, Matanias, Mika, na mula sa angkan ni Asaf na isa sa mga mang-aawit sa Bahay ng Diyos; 23 ibinigay ng hari ang isang utos at mga alituntunin tungkol sa mga mang-aawit sa Templo sa bawat araw. 24 Si Petaya, na anak ni Mesezabel, na kabilang sa angkan ni Zera at ng tribu ng Juda, ang kinatawan ng hari sa lahat ng bagay na may kinalaman sa bayan.

25b May mga taga-Juda na nanirahan sa Kiryatarba at sa mga karatig na bayan, sa Dibon at sa mga karatig-bayan, sa Yekabzel at mga karatig-bayan, sa Yesua, Molada, Bet-pelet, 27 Hazar-sual, sa Beerseba at mga nayon nito, 28 sa Ziklag, sa Mekona at mga nayon nito, 29 sa Enrimon, Zora, Yarmut, 30 Zanoa, Adullam, at sa mga nayon nito, sa Lakis at sa karatig-nayon, sa Aseka at sa mga nayon nito. Nanirahan sila mula sa Beerseba hanggang sa Lambak ng Hinom.

31 May mga taga-Benjamin na nanirahan sa Geba, Mikmas, Hai, sa Betel at sa mga nayon nito, 32 sa Anatot, Nob, Ananias, 33 sa Hazor, Rama, Gitaim, 34 Hadid, Zeboim, Neballat, 35 Lod at Ono, at sa Lambak ng mga Panday.

36 At nanirahan sa Benjamin ang ilang Levitang taga-Juda.

12

1 Ito ang mga pari at Levitang nagsibalik, kasama si Zorobabel, na anak ni Sealtiel, at ang punong-paring si Josua:

2 sina Seraya, Yeremias, Esdras, 3 Amarias, Maluk, Hatus, Sekanias, Rehum, Meremot, 4 Ido, Gineton, Abias, 5 Miyamin, Maadias, Bilga, 6 Semaya, Yoarib, Yedaya, 7a Salu, Amok, Helkias at Yedaya.

8 Ang mga Levita: sina Yesua, Binui, Kadmiel, Serebias, Juda, Matanias. Ang huli, kasama ang kanyang mga kamag-anak, ang namamahala sa pag-awit ng mga himno samantalang sina Bakbukias, Uno at ang kanilang mga kamag-anak ay nagsibuo ng panghaliling koro.

7b Ito ang mga puno ng mga pari at ang kanilang mga kamag-anak sa kapanahunan ni Jesua:

10 Si Yesua ang ama ni Yoiakim, na ama ni Elyasib. Naging anak ni Elyasib si Yoiada; 11 si Yoiada ang ama ni Yohanan, at si Yohanan ang ama ni Yadua.

12 Ito ang mga puno ng mga angkan ng pari sa panahon ni Yoiakim na punong-pari: 13 sa angkan ni Seara: Meraya; sa angkan ni Yeremias: Hananias; sa Esdras: Mesullam; sa Amarias: Yehonanan; 14 sa angkan ni Meliku: Yonatan; sa Sebanias: Jose; 15 sa Harim: Adna; sa Meremot: Helkai; 16 sa Ido: Zakarias; sa Gineton: Mesullam; 17 sa Abias: Zicri; sa Miniamin at Moadias: Piltai; 18 sa Bilga: Samua; sa Semaya: Yehonatan; 19 sa Yoiarib: Matenai; sa Yedaya: Uzi; 20 sa Salai: Kalai; sa Amok: Eber; 21 sa Helkias: Hasabias; sa Yedaya: Netanel.

22 Sa panahon ng mga punong-paring sina Eliasib, Yoiada, Yohanan at Yadua, nakatala sa aklat ng Mga Kronika ang mga puno ng mga angkan ng pari hanggang sa paghahari ni Dario, ang Persiano.

23 Nakatala sa Aklat ng mga Kronika ang mga puno ng mga angkang Levita hanggang sa panahon ni Yohanan, anak ni Elyasib.

24 Ang mga puno ng mga Levita: sina Hasabias, Serebaya, Yesua, Binui, Kadmiel; at ang kanilang mga kamag-anak na bumuo ng panghaliling koro sa pag-awit at pagpupuri, ayon sa alituntunin ni David, ang lingkod ng Diyos sa naghahaliling mga pangkat; 25 sina Matanias, Bakbukias, Obadias, Mesullam, Talmon at Akub na mga bantay-pinto at nagtatanod sa mga bodega sa malapit sa mga pintuan.

26 Ito ang mga naglilingkod sa panahon ni Yoiakim, na anak ni Yesua at apo ni Yozadak, at sa panahon ni Nehemias, ang gobernador; at ni Esdras, ang paring tagasulat.

### Pagpapasinaya sa pader ng Jerusalem

27 Nang pasinayaan ang pader ng Jerusalem, hinanap ang mga Levita kung saan sila nakatira at pinapunta sa Jerusalem upang ipagdiwang ang pagpapasinaya nang may kasayahan, awitan ng pasasalamat, at mga tugtugin mula sa pompiyang at gitara. 28 Mula sa mga karatiglugar ng Jerusalem nagtipun-tipon ang mga mang-aawit, mula sa nayon ng Netopat, 29 Betgilgal at mga purok ng Geba at Azmavet sapagkat nakapagtayo ang mga mang-aawit ng mga tirahan sa paligid ng Jerusalem. 30 Nilinis ng mga pari at mga Levita ang kanilang sarili, at pagkatapos nilinis nila ang bayan, ang mga pintuan at ang pader.

31 Pagkatapos, inatasan ko ang mga pinuno ng Juda na umakyat sa ibabaw ng pader at bumuo ako ng dalawang malalaking koro. Nagtuloy ang una sa ibabaw ng pader sa dakong timog, patungo sa Pintuan ng Basura; 32 sumunod sa likuran nila si Hosaya at ang kalahati sa mga pinuno ng Juda, 33 gayundin sina Azarias, Esras, Mesullam, 34 Juda, Benjamin, Semaya at Yeremias na mga pari. 35 At saka ang mga

manunugtog: sina Zakarias, na anak ni Yonatan; ang kanyang mga ninuno: Semaya, Matanias, Mikaya, Zakur, Asaf; 36 kasama ang kanyang mga kapatid na sina Semaya, Azarel, Milalai, Gilalai, Maai, Netanael, Juda at Hanani na dala ang mga instrumento ni David, ang lingkod ng Diyos. Nasa unahan nila si Esdras, ang taga-sulat.

37 Sa Pintuan ng Bukal sila umakyat, malapit sa hagdanan ng Lunsod ni David, sa tabi ng pader na tumutunghay sa bahay ni David, hanggang sa Pintuan ng Imbakan ng Tubig sa silangan.

38 Sa kaliwa lumakad ang pangalawang koro: sumunod ako rito na kasama ang kalahati sa mga pinuno ng bayan sa kahabaan ng pader, at dinaanan namin ang Tore ng Hurno hanggang sa Maluwang na Pader, 39 sa ibabaw ng Pintuan ni Efraim, ng Pintuan ng Isda, ng Tore ni Hananel, hanggang sa Pintuan ng Tupa, at tumigil kami sa Pintuan ng mga Tanod.

40 Sa Bahay ng Diyos tumigil ang dalawang koro. Nasa tabi ko ang kalahati sa mga tagapayo 41 at ang mga paring sina Eliakim, 42 Maasias, Mikaya, Elioenai, Zakarias at Hananias, na may mga trumpeta; kasama sina Maasias, Minyamin, Semaya, Eleazar, Uzi, Yehohanan, Malkias, Elam at Ezer. Inusal ng mga mang-aawit ang kanilang mga awitin sa pangunguna ni Yezrias.

43 Maraming handog ang inialay nang araw na iyon at nagsaya ang mga mamamayan sapagkat nagkaloob ang Diyos ng malaking kagalakan sa kanila. Nagsaya rin ang mga babae at bata at narinig hanggang sa malayo ang hiyawan ng kagalakan ng Jerusalem.

44 Nang pagkakataong iyon itinalaga ang mga tagapamahalang susubaybay sa mga bodega na pagtataguan ng mga abuloy, mga unang bunga ng mga punongkahoy at mga ikasampu. Dito iniingatan ang abuloy ng iba-ibang bayan ng lupain, ayon sa hinihingi ng Batas para sa mga pari at Levita. Sapagkat nasiyahan ang bayan ng Juda sa paglilingkod ng mga pari at ng mga Levita.

45 Tinupad nila ang paglilingkod sa kanilang Diyos at ang paglilinis. Sinunod naman ng mga mang-aawit at mga bantay-pinto ang utos ni David at ng kanyang anak, si Solomon. 46 Naging puno nga si Asaf ng mga mang-aawit sa kapanahunan ni David at noon nagkaroon ng pagpupuri at pagpapasalamat sa Diyos.

47 Sa kapanahunan ni Zorobabel at ni Nehemias, nagkaloob araw-araw ang buong Israel ng mga abuloy sa mga mang-aawit at mga bantay-pinto. Nagkaloob din sila sa mga Levita ng mga bagay na banal, at ipinagkaloob ng mga Levita ang nauukol sa mga anak ni Aaron.

**13** 1 Nang panahong iyon, binabasa ang Aklat ng Batas ni Moises sa harapan ng bayan at natagpuang nasusulat dito ang: "Kailanma'y hindi papasok sa kapulungan ng Diyos ang mga Amonita at Moabita 2 sapagkat hindi nila sinalubong ng tinapay at tubig ang mga Israelita. Binigyan nila ng salapi si Balaam upang sumpain ang mga Israelita, ngunit pinalitan ng aming Diyos ng pagpapala ang sumpa." 3 Nang malaman nila ang batas na ito, pinaalis nila sa Israel ang lahat ng may lahing banyaga.

### Ikalawang misyon ni Nehemias

4 Bago nangyari ito, may tagapag-alaga ng mga silid sa Bahay ng Diyos, ang paring si Elyasib. At kamag-anak niya si Tobias. 5 Kayat inilaan niya rito ang isang maluwang na silid na dating taguan ng mga handog, kamanyang, kasangkapan, ikasampu ng trigo, alak, langis at anumang iniuukol sa mga Levita, mang-aawit at bantay-pinto, at ang abuloy para sa mga pari.

6 Wala ako sa Jerusalem nang maganap ito, sapagkat sa ikatatlumpu't dalawang taon ni Artaherhes, na hari ng Babilonia, nagbalik ako sa hari. Pagkatapos, pinayagan na ako ng hari 7 na bumalik sa Jerusalem at pinatalastasan ako ng kasamaang ginawa ni Elyasib sa pagbibigay niya kay Tobias ng isang silid sa loob ng patyo ng Bahay ng Diyos. 8 Nagalit ako dahil dito, at ipinatapon ko sa labas ng silid ang lahat ng kasangkapan ni Tobias 9 at iniutos kong linisin ang mga silid at ibalik ang mga kasangkapan ng Bahay ng Diyos, ang mga handog at ang kamangyang.

### Tumutol si Nehemias sa ilang pang-aabuso

• 10 Napag-alaman ko rin na hindi ipinagkaloob sa mga Levita ang mga abuloy. At dahil dito, tumakas at bumalik sa kanilang mga bukirin ang mga Levita at ang mga mang-awit

---

• **13.**10 Sa huling kabanatang ito, namamagitan si Nehemias para igalang ang batas na pinagtibay ni Esdras, kaya gumagawa siya ng mga bago at mabibigat na hakbang (tungkol sa Araw ng Pahinga, pagpapadalisay sa lahi at relihiyon, at iba pa). May malaking kapakinabangang hatid ang saloobing ito: salamat sa kanilang organisasyon at sa pagkakabuklod ng mga Judiong magkakapatid, nakaligtas ang bayan ng Diyos at hindi lumihis sa kanilang pananampalataya.

na naglilingkod. 11 Pinagsabihan ko ang mga
tagapayo at sinabi ko sa kanila: "Bakit pina-
bayaan ang Bahay ng Diyos?" At tinipon ko ang
mga Levita at ang mga mang-aawit, at pinabalik
ko sila sa kanilang tungkulin. 12 Kayat inilipat
ng bayan ng Juda sa mga silid-taguan ang
ikasampu ng kanilang trigo, alak at langis.
13 Ipinagkatiwala ko ang pamamahala ng silid-
taguan sa paring si Selemias, kay Zadok, na
tagasulat, kay Pedaya na Levita at kay Hanan,
na anak ni Zakur, bilang katulong; kinilala nga
silang matapat at sila ang nagbaha-bahagi ng
pagkain sa kanilang mga kapatid.

14 Diyos ko, alalahanin mo ako dahil dito!
Huwag mong kalilimutan ang mabubuting
gawaing naisakatuparan ko para sa Bahay ng
aking Diyos at sa paglilingkod doon.

15 Nang panahong iyon, nakatagpo ako ng
mga taga-Juda na nagsisigawa sa pisaan ng
ubas sa Araw ng Pamamahinga. Ang iba ay
kumuha ng mga aning trigo o isinakay sa ka-
nilang mga asno ang alak, ubas, igos at iba pang
pasaning gusto nilang dalhin sa Jerusalem sa
Araw ng Pamamahinga. Pinagsabihan ko sila
habang ipinagbibili nila ang kanilang ani.

16 Naninirahan sa Jerusalem ang ilang taga-
Tiro na nagdala ng isda at bawat uri ng paninda
upang ipagbili sa mga Judio sa Araw ng Pama-
mahinga. 17 Kaya pinagsabihan ko ang mga
pinuno ng Juda at sinabi ko sa kanila: "Naka-
gawa kayo ng malaking kasalanan sa paglapas-
tangan ninyo sa Araw ng Pamamahinga. 18 Ito
ang ginawa ng aming mga ninuno at dahil dito,
ibinagsak ng aming Diyos ang kaparusahan sa
amin at sa lunsod na ito. Gusto ba ninyong dag-
dagan ang galit laban sa Israel sa paglapastangan
sa kanyang Araw ng Pamamahinga?"

19 Kayat iniutos ko na sa Araw ng Pamama-
hinga, samantalang lumalatag pa lamang ang
dilim ng gabi sa mga pintuan ng Jerusalem,
kailangang ipinid ang mga ito at hindi bubuksan
kung hindi pa natatapos ang Araw ng Pama-
mahinga. At inilagay ko ang ilan sa aking mga
tauhan sa mga pintuan upang walang maipasok
na anumang paninda sa Araw ng Pamama-
hinga.

20 Minsan o makalawa, ilang mangangalakal
na nagbibili ng lahat ng uri ng paninda ang
nagpapalipas ng gabi sa labas ng Jerusalem,
21 ngunit binalaan ko sila at sinabi: "Bakit kayo
nagpapalipas ng gabi sa malapit sa pader? Gawin
ninyong muli ito at ipahuhuli ko kayo." Mula
noon, hindi na sila nagbalik sa Araw ng Pa-
mamahinga. 22 Iniutos ko rin sa mga Levita na
linisin ang kanilang sarili at bantayan ang mga
pintuan upang gawing banal ang Araw ng Pama-
mahinga. Dahil dito, alalahanin mo rin ako, aking
Diyos, at kahabagan ayon sa iyong awa.

23 Nang panahong iyon, nakita ko rin ang
ilang Judio na nag-asawa sa mga babaing
Asdodita, Amonita at Moabita, 24 at kalahati ng
kanilang mga anak ay nagsasalita ng wika ng
Asdodita at hindi alam ang wikang Judio.
25 Pinagsabihan ko sila at isinumpa; pinaggu-
gulpi ko ang ilan sa kanila at pinagsabunutan ko
ang buhok ng iba, at pinilit ko silang mangako sa
pangalan ng Diyos. Sinabi ko sa kanila: "Huwag
ninyong ipakakasal ang inyong mga anak na
dalaga sa mga anak na binata nila, o kukunin
ang kanilang anak na dalaga para sa inyo o sa
inyong mga anak. 26 Hindi ba ito ang pag-
kakasala ni Solomon, ang hari ng Israel? Walang
haring katulad niya sa maraming bansa, inibig
siya ng Diyos, at ginawa siya ng Diyos na hari ng
buong Israel. Ngunit pinag-kasala rin siya ng
mga babaeng banyaga. 27 Gusto ba ninyong
masabi na kayo man ay nakagawa rin ng gayon
kalubhang krimen at naghimagsik kayo laban
sa ating Diyos sa pag-aasawa sa mga babaing
banyaga?"

28 Pinalayas ko rin sa aking tabi ang isa sa
mga anak ni Yehoyada, na anak ng punong-
paring si Elyasib, na manugang ni Sanbalat, ang
Horonita. 29 Alalahanin mo, O Diyos, ang mga
ito na nilapastangan ang pagkapari at ang iyong
tipan sa mga pari at mga Levita.

30 Nilinis ko sila sa lahat ng banyaga. Nag-
lagda ako ng mga tuntunin para sa mga pari at
mga Levita ayon sa kani-kanilang paglilingkod.
31 Nag-utos din ako tungkol sa pag-aalay ng
handog na kahoy sa takdang panahon at ng mga
unang bunga.

Alalahanin mo ako, O Diyos, para sa ikabu-
buti ko!

---

Ngunit mababanaag din ang mga problemang katitisuran ng Ebanghelyo: pagkapit sa kahapon, pagkapanatiko para sa mga sagradong lugar, pagkaagresibo sa mga di sumasang-ayon. Isang katotohanan na sa sumunod na mga dantaon, mas lumago ang kamalayang panrelihiyon ng mga Judio sa pakikitungo nila sa kulturang Griyego kaysa pagsisikap nila sa pansariling organisasyon.

Kung hangad ng mga pamayanang Kristiyano at gayon din ng Iglesya sa kabuuan nito na maging tapat sa mensahe ng Biblia, kailangan nilang hanapin ang paglago sa pagbubukas at pagharap sa daigdig.